

Mga Sanggunian tungkol sa Nakasaksi

Dahil sa [itumaas na insidente ng nakamumuhing kilos laban sa mga AAPI](#) sa panahon ng emergency kaugnay ng COVID-19, mahalagang malaman ang dapat gawin kung may nakitang kang mali. Para tugunan ang isyung ito, magsasagawa ang [Asian Americans Advancing Justice](#) at [Hollaback!](#) ng mga sesyon ng pagsasanay sa pakikialam ng nakasaksi sa buong Abril at Mayo. Para magparehistro sa isang sesyon ng pagsasanay, bumisita sa page na [Mga Virtual na Pagsasanay sa Pakikialam ng Nakasaksi](#).

Mayroon ding [Mga Sanggunian sa Pakikialam ng Nakasaksi](#) ang Hollaback!, na nagtuturo ng “5 Ds of Bystander Intervention.”

Ang DISTRACTION (PAGGAMBALA) ay isang banayad at malkhaing paraan para makialam. Layunin lamang nitong ilihis ang insidenete sa pamamagitan ng paggambala rito. Ang ideya ay huwag pansinin ang nanggigipit at direktang makipag-ugnayan sa taong binibiktima. Huwag pag-usapan o tukuyin ang panliligalig. Sa halip, pag-usapan ang isang bagay na wala talagang kinalaman doon. Puwede mong subukan ang sumusunod:

- Magkunwaring nawawala. Magtanong ng oras. Magpanggap na kakilala mo ang ginigipit. [Makipag-usap sa kanila tungkol sa isang walang tiyak na bagay](#) at alisin ang kanilang atensyon sa ginigipit.
- Humarang. [Ipagpatuloy ang iyong ginagawa](#), ngunit mamagitan sa nanggigipit at binibiktima.
- Sadyaing aksidenteng matapon ang iyong kape, palita ang iyong wallet, o gumawa ng eksena.

Siyempre, basahin ang sitwasyon at piliin ang iyong paraan ng paggambala na nakaayon dito. Malalang ma masasakyan ito ng taong binibiktima, at umasang mapapababa ng iyong pagkilos o pahayag ang sitwasyon.

Ang DELEGATION (PAGTATALAGA) ay kung humingi ka ng tulong, para sa isang sanggunian, o para sa tulong mula sa isang third party. Narito ang mga halimbawa ng puwede mong gawin:

- Hanapin ang mga supervisor ng tindahan, drayber ng bus, o empleyado ng pampublikong sasakyan at hilingin sa kanilang makialam.
- Kung malapit ka sa isang paaralan, makipag-ugnayan sa isang guro o sinumang nasa front desk. Sa isang campus ng kolehiyo, makipag-ugnayan sa seguridad ng campus o sinumang nasa front desk ng isang gusali sa unibersidad.
- Magpatulong sa iyong kaibigan at ipagamit sa kanilan ang isa sa mga paraan ng Distraction (hal. magtanong ng oras, direksyon, o magsimula ng usapang wala kinalaman sa panggigipit) para makipag-ugnayan sa taong ginigipit habang naghahanap ng taong itatalaga para dito.
- Makipag-usap sa isang taong malapit sa iyo na nakapansin ng nangyayari at maaaring nas mas magandang posisyon na makialam. Magtulungan.

- Tumawag sa 311 o 911 (kung ligtas ito) para humingi ng tulong. Bago makipag-ugnayan sa 911, gamitin ang Distract para alamin ang kalagayan ng taong binibiktima para tiyakin na gusto mo itong gawin. Maaaring hindi komportable ang mga tao o hindi ligtas kapag nakialam na ang mga alagad ng batas. Para sa maraming tao o komunidad, ang kasaysayan ng pagiging namaltrato ng alagad ng batas ay nagbunsod ng takot at kawalan ng tiwala sa mga pakikialam ng mga pulis, at sa ilalim ng kasalukuyang sitwasyon, maraming komunidad, tulad ng mga hindi dokumentadong indibidwal, na mas nakakaramdam na hindi sila ligtas sa kamay ng mga pulis. Sa ilang sitwasyon, maaaring hindi ka makarating sa taong iyon, depende sa sitwasyon, kakailanganin mong gamitin ang pinakamainam mong pagpapasya.

Talagang makakatulong na irekord ang isang insidente habang nangyayari ito sa isang tao, ngunit may ilang bagay na dapat tandaan para sa kaligtasan at responsableng **IDOKUMENTO** ang panggigipit. Tingnan ang [tip sheet na ito](#) mula sa SAKSI para sa higit pang detalye.

Una, suriin ang sitwasyon. May tao bang tumutulong sa taong ginigipit? Kung wala, gamitin ang isa sa iba pang apat na D. Kung mayroon nang taong tumutulong, suriin ang sarili mong kaligtasan. Kung ligtas ka, magpatuloy sa pagrerekord. PALAGING itanong sa taong ginigipit kung ano ang gusto nilang gawin sa recording. HUWAG itong ipost online o gamitin ito nang walang pahintulot. Maraming dahilan para dito. Isang karanasan na nakakawala ng kapangyarihan ang pagiging biktima ng panggigipit o paglabag sa kaniya. Ang paggamit ng larawan o video ng taong binibiktima nang walang pahintulot ay maaaring magpalala sa pakiramdam ng kawalan ng kapangyarihan ng taong nabiktima. Kapag naging viral ang dokumentasyon, puwede itong magbunsod sa karagdagang pambibiktima at antas ng visibility na maaaring hindi gusto ng taong nabiktima. Gayundin, ginagawang pampubliko ang karanasan ng biktima kapag nagpost ng video nang walang pahintulot ng bitima - isang bagay na maaaring magdulot ng isang buong legal na isyu, lalo na kung mala-kriminal ang kalikasan ng panggigipit o karahasan. Maaaring mapilitan silang makipag-ugnayan sa sistemang legal saa paraang hindi sila komportable. Panghuli, puwedeng nakaka-trauma ang karanasang ito. Ang pagsasapubliko ng nakaka-trauma na karanasan ng isa pang tao nang walang pahintulot nila ay hindi isang paraan para maging isang mabisa at nakatutulong na nakasaksi.

Maaaring gusto mong **DIRECTLY RESPOND (DIREKTANG TUMUGON)** sa panggigipit sa pamamagitan ng pagpapangalan sa kung ano ang nangyayari o pagharap sa nanggigipit. Puwedeng mapanganib ang taktikang ito: maaaring sa iyo idirekta ng nanggigipit ang kaniyang pang-aabuso at maaaring palalain ang sitwasyon. Bago ka magdesisyong direktang tumugon, suriin ang sitwasyon. Pisikal ka bang ligtas? Pisikal bang ligtas ang taong ginigipit? Mukha bang walang posibilidad na lumala ang sitwasyon? Masasabi mo ba kung gusto ng taong ginigipit na gusto niya ng isang taong magsasalita? Kung oo ang sagot mo sa lahat ng tanong na ito, maaaring piliin mo ang direktang pagtugon.

Kung pinili mo ang direktang pakikialam, ang ilang bagay na puwede mong sabihin sa nanggigipit ay:

- “Hindi iyan naaangkop, walang paggalang, hindi okay, atbp.”
- “Huwag mo silang pakialaman.”

- "Homophobis yan, racist, (ilagay ang uri ng panggigipit dito), atbp.

Ang pinakamahalagang bagay rito ay panatilihin itong maikli ngunit masaklaw. Subukang huwag lumahok sa diyalogo, debate, o pagtatalo, dahil puwede nitong palalain ang sitwasyon. Kung tumugon ang nanggigipit, subukan ang lahat ng iyong makakaya para tulungan ang taong binibiktima sa hahip na makipag-ugnayan sa nanggigipit.

Puwedeng mapanganib ang direktang pakikialam, kaya gamitin ito nang may pag-iingat.

Kahit pa hindi ka makakilos sa ngayon, makakagawa ka ng pagbabago sa taong ginigipit sa pamamagitan ng pag-alam sa kanilang kalagayan pagkatapos ng sitwasyon. Maraming uri ng panggigipit ang nangyayari nang hindi napapansin o napakabilis, kung saan puwede kang maghintay hanggang matapos ang sitwasyon at kausapin ang taong naging biktima. Narito ang ilang paraan para aktibong magamit ang taktika ng **DELAY (PAGPAPAANTALA)**:

- Itanong sa kaniya kung okay lang siya at sabihin sa kaniya na ikinalulungkot mo ang nangyari sa kaniya.
- Itanong kung may anumang paraan para masuportahan mo siya.
- lalok ang iyong pagsama sa kanila sa kaniyang patutunguhan o samahan siya sa loob ng ilang sandali.
- Ibahagi ang mga sanggunian sa kaniya at tulungan siyang iulat ito kung gusto niya.
- Kung naisadokumento mo ang insidente, itanong sa kaniya kung gusto niyang ipadala mo ito sa kaniya.

* **Tandaan para sa kaligtasan:** Hindi namin kailanman gustong masaktan ka habang sinusubukang tulungan ang iba. Palaging isipin ang kailigtasan at isaalang-alang ang mga posibilidad na mailagay ka at sinuman sa kapahamakan.